Sindaw Journal
2026, Tomo 1, Bilang 1
e-ISSN: 3155-6515 | p-ISSN: 3155-6507

ORIHINAL NA ARTIKULO

OPEN ACCESS

# Kapatay: Mga Paniniwala at Tradisyon ng mga Meranaw sa Kamatayan na Masasalamin sa Darangen

*Kapatay: Beliefs and Traditions of Meranaw on Death Reflected in Darangen*

Jamima S. Ampuan[1]
[1]Mindanao State University-Iligan Institute of Technology
*Korespondensiyang awtor: jamima.ampuan@g.msuiit.edu.ph

*Natanggap: Mayo 24, 2026* | *Nirebisa: Hunyo 6, 2026* | *Tinanggap: Hunyo 27, 2026* | *Inilathala: Hulyo 15, 2026*

## Abstrak (Filipino)

*Kapatay* o ang kamatayan ay itinuturing na huling yugto ng buhay ng tao. Subalit, hindi ito ang katapusan ng pag-alala ng mga naiwang mahal sa buhay kundi ang simula ng kanilang patuloy na paggunita sa yumao. Ang paniniwala at tradisyong ito ay masasalamin sa panitikan na nagsisilbing tagapag-ingat ng kaalaman at kaugaliang sinusunod ng mga sinaunang pamayanan. Sa kontekstong ito, mahalagang pag-aralan ang unang tomo ng Darangen sapagkat dito nasasalamin ang ilan sa mga sinaunang paniniwala at tradisyon ng mga Meranaw tungkol sa kamatayan at sa mga prosesong kaugnay nito. Bilang isang etnoepiko, ang Darangen ay naglalaman ng mayamang kultura, kasaysayan, at identidad ng mga Meranaw na mahalagang maitala at mapanatili. Gumamit ang pag-aaral ng deskriptibong pamamaraan at kwalitatibong pananaliksik upang masuri ang mga paniniwala at tradisyong nakapaloob sa etnoepikong ito. Lumitaw sa pagsusuri ang ilang mahahalagang kaugaliang may kaugnayan sa kamatayan, tulad ng *kapagamanat, kagorawk sa mayt, kapamakitokaw, mapoti a dinis, kapamagawida, kapamitogawii*, at *katomapenay sa tamok* Ang mga kaugaliang ito ay nagpapakita ng pananaw ng mga Meranaw tungkol sa buhay, kamatayan, at pakikisalamuha sa mga yumao. Bagama't ang ilan sa mga tradisyong ito ay patuloy pa ring isinasagawa sa kasalukuyan, may mga pagbabagong naganap bunga ng impluwensiya ng relihiyon at modernisasyon. Gayunpaman, nananatiling mahalaga ang pag-aaral ng mga ito sapagkat nakatutulong ito sa pagtatala, pagpreserba, at pagpapayaman ng panitikang Pilipino. Higit sa lahat, binibigyang-diin nito ang yaman ng kulturang Meranaw na nararapat pang malinang, mapag-aralan, at maibahagi sa mas malawak na komunidad upang mapanatili ang mahalagang bahagi ng pamanang kultural ng Pilipinas.

*Susing-salita: Paglibing, Darangen, Meranaw, kultura, etnoepiko*

## Abstract (English)

Death is considered the final stage of human life. However, it does not mark the end of remembrance among the loved ones left behind; rather, it signifies the beginning of their continued memory and commemoration of the deceased. This belief and tradition are often reflected in literature that preserve the knowledge, and practices of earlier generations. In this context, the first volume of the Darangen is an important source for understanding ancient Meranaw beliefs and traditions concerning death and its associated rituals and processes. As an ethno-epic, the Darangen embodies the rich culture, history, and identity of the Meranaw people, making it a valuable cultural and literary resource. This study employed a descriptive and qualitative research approach to examine the beliefs and traditions presented in the epic. The analysis identified several significant practices related to death, including *kapagamanat, kagorawk sa mayt, kapamakitokaw, mapoti a dinis, kapamagawida, kapamitogawii*, and *katomapenay sa tamok*. These traditions reveal the Meranaw people's perspectives on life, death, and their relationship with the deceased. While some of these customs continue to be practiced today, others have undergone changes due to the influence of religion and modernization. Nevertheless, this study contributes to the documentation, preservation, and enrichment of Philippine literature by highlighting the cultural richness of the Meranaw people. Furthermore, it emphasizes the importance of continued research, preservation, and promotion of Meranaw cultural heritage so that it may be better understood and shared with a wider audience.

*Keywords: Death, Burial, Darangen, Meranaw, Culture, Etnoepics*

*Pagsipi (To cite):*
Ampuan, J. (2026). Kapatay: Mga Paniniwala at Tradisyon ng mga Meranaw sa Kamatayan na Masasalamin sa Darangen. *Sindaw Journal, 1(1), 49-58.* https://doi.org/10.5281/zenodo.22063625

© 2026 (Mga) Awtor. Inilathala ng Departamento ng Filipino at Iba Pang Wika
CSSH, Mindanao State University-Main Campus, Marawi City, 9700, Philippines
Website: https://sindawjournal.org email: sindawjournal@msumain.edu.ph
Ang artikulong ito ay bukas ang pag-akses sa pamamagitan ng CC BY license

## 1. Introduksyon

*Kapatay* - katawagan sa Meranaw na natutungkol sa kamatayan o pagkamatay. Kaakibat ng salitang kapatay ang maraming paniniwala, tradisyon, at ritwal sa kultura ng mga Meranaw. Ang kamatayan ay hangganan, katapusan ng buhay ng isang tao. Subalit sa pagkamatay, hindi ito ang hangganan ng kuwento ng isang tao dahil sa isinasagawang mga seremonya sa libing at lamay upang alalahanin ang naging buhay ng yumao. Ang kamatayan ay sentral na pangyayari sa lahat ng lipunan at kultura. Nasasalamin ang katangian ng kultural na identidad at ang pagkakakilanlan ng isang indibidwal sa lipunan (Krikorian et al., 2020).

Ayon sa pag-aaral ni Adekoya (2021) magkakaiba ang tugon ng mga tao o ng isang lipunan lalo na sa usaping kamatayan. Gayundin, magkakaiba ang mga ritwal at paniniwala ukol dito dahil na rin sa pagkakaiba ng balyung kultural, pananaw sa mundo at katuruan sa kultura. Multi-dimensyonal ang proseso ng kamatayan at dito maaaring magkakaiba ang konsepto ng Asya at ang Kanluran (Kastbom et al., 2017)

Sa pag-aaral na ito, nakasentro sa kulturang Meranaw at ang kanilang paniniwala at tradisyon sa patay. Ipapakilala ang mga ito sa pamamagitan ng paglalahad sa kanilang mga konsepto gayundin ang proseso sa patay na masasalamin sa Darangen na nakatuon sa mga pre-Islamikong paninwala o *folk Islam*. Maipapaliwanag mula rito ang sinaunang kultura ng Meranaw gayundin ang pagbabago nito sa pagyakap nila rito (Talaguit & Ubald, 2019).

Malaki ang papel ng panitikan, partikular ang mga oral na panitikan tulad ng Darangen ng mga Meranaw sa pagpapakita ng kasaganahan ng kultura at makulay na pagkakakilanlan ng mga Meranaw. Ang mga kultura at tradisyon o pagkakakilanlang nabanggit na tampok sa etnoepikong Darangen ay tungkol sa kasal o seremonya sa kasal, paghahanap ng asawa at panliligaw, kandatu o pamumuno, gayundin ang paniniwala at tradisyon sa patay o ang seremonya sa patay, sa paglibing, at sa pag-alala rito (Cairoden, 2019).

Marami sa mga paniniwala at kultura na ito ay maituturing na buhay at isinasagawa magpahanggang ngayon, subalit ilan rin sa mga ito ay hindi na isinagawa dahil na rin sa pagbabago ng panahon lalo sa pagpasok ng relihiyong Islam sa kulturang Meranaw (Pandapatan & Ampuan, 2023). Sa kontekstong ito, magiging lunsaran ng pag-aaral sa etnoepikong Darangen, partikular ang unang bolyum. Layunin ng pananaliksik na ito na mailahad ang mga paniniwala at tradisyon ng mga Meranaw na masasalamin sa Darangen partikular ang kaugalian, paniniwala at tradisyon sa patay o kamatayan, seremonya sa patay, at sa pag-alala sa patay. Ilalahad ang mga konsepto sa kamatayan, malalim na kahulugan ng mga tradisyon tungkol sa patay o kamatayan na may ugnayan sa kasalukuyan. Gayundin, susuriin kung ang mga paniniwala at tradisyon na ito ay pinapahalagahan at tinatangkilik sa kasalukuyang panahon.

## 2. Metodo

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptibong pamamaraan at kwalitatibong pananaliksik upang mailahad ang ilan sa mga kaugalian, paniniwala, at tradisyon sa kamatayan na masasalamin sa unang bolyum ng Darangen.

Ang Darangen ay isang epiko ng mga Meranaw na kinikilala sa buong bansa at maging sa buong Asya bilang isa sa pinakamahabang etno-epikong naitala sa kasaysayan ng panitikan sa nabanggit na kontinente. Ang epiko na ito ay binubuo ng walong tomo at ito ay nagsasalaysay ng mga pamumuhay ng mga sinaunang Meranaw na kinapapalooban ng mga kultura, tradisyon, paniniwala, at mga tradisyon na kanilang kinamulatan sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay. Ang epikong yaon ay nagsasalaysay sa mahabang kuwento ng bayan ng Iliyan a Bembaran na pinagmulan ng mga pinaniniwalaang dugong maharlikang tao na kalahating ispiritu na namumuno sa nabanggit na lugar (Cairoden, 2019). Nakapokus sa bolyum 1 ng etnoepikong Darangen ang pag-aaral na ito. Naglalaman ng tatlong kabanata ang unang bolyum,

CC BY

ang unang kabanata na may pamagat na *Paganay a Kiyandato o Diwata Ndaw Gibon sa Iliyan a Bembaran* (The First Ruler, or Diwata Ndaw Gibon of Iliyan a Bembaran), *Kabemberan* (Story of Bembaran), at *Kapmadali* (The Story of Madali). Ang unang kabanata ay tungkol sa *kiyandatu* sa unang pamamahala ni Diwata Ndaw Gibon, ang pinuno ng Bembaran, isa sa mga pangunahing kaharian sa Darangen. Ipinahayag niya ang kanyang panghihinayang dahil siya ay nananatiling binata habang siya ay tumatanda, kaya't nagpasya siyang maghanap ng mapapangasawa. Siya ay naglakbay sa pamamagitan ng dagat sakay ng isang mahiwagang bangka at kalaunan ay napangasawa niya si Aya Panganay Bai mula sa lugar na tinatawag na Minango'aw a Ronong. Nanirahan siya roon nang ilang panahon at nagkaroon sila ng dalawang anak. Subalit, kalaunan ay nakaramdam siya ng pangungulila sa kanyang bayan na Bembaran. Pagbalik niya, napansin ni Gibon na kakaunti ang populasyon ng kanyang kaharian. Dahil dito, humingi siya ng pahintulot kay Panganay Bai na mag-asawa pa mula sa ibang lugar upang maparami ang kanilang nasasakupan. Nasaktan at nagdamdam si Panganay Bai, ngunit nang tiyakin ni Gibon na siya pa rin ang magiging pangunahing asawa, pumayag din siya sa balak nitong magkaroon ng iba pang asawa. Sa kanyang mga paglalakbay, nakapag-asawa si Gibon ng lima pang babae at nagkaroon ng tig-iisang anak na babae sa bawat isa sa kanila. Sa paglipas ng panahon, tumanda at namatay si Gibon. Hindi nagtagal, hiniling ni Panganay Bai sa kanyang mga anak na siya ay makabalik sa kanyang sariling lupain sapagkat nararamdaman na rin niyang nalalapit na ang kanyang kamatayan. Pinayagan ang kanyang kahilingan at kalaunan ay namatay rin siya dahil sa karamdaman. Nagtatapos ang epiko sa pagdaraos ng libing para sa mag-asawa at sa koronasyon ni Tominaman a Rogong, ang kanilang panganay na anak, bilang bagong pinuno ng Bembaran.

Kaugnay nito, dahil sa ilang beses na pagkabanggit ng kamatayan at libing sa kabanata na ito, masasalamin sa kanilang isinasagawang pagtitipon para sa patay ang ilan sa mga kaugalian, paniniwala, at tradisyon ng mga Meranaw sa patay na siyang tinutuhog ng pag-aaral na ito. Sa lahat ng kultura at paniniwala sa mundo tungkol sa kamatayan, hindi maipagkakaila na mayroong pagkakahalintulad ang pananaw rito, ito ay ang pamamaalam sa mundo at katapusan ng buhay. Sa kultura ng mga Meranaw, marami ang mga sinusunod na mga proseso at kaugalian sa patay gayundin sa mga paniniwala o pamahiin dito.

Sa etnoepikong Darangen, masasalamin ang mga sumusunod na mga paniniwala patungkol sa patay. Sa pagsasagawa ng *content analysis*, gagamitin ang teoryang asimilasyon upang tingnan ang mga pagbabago sa mga sinaunang paniniwalang ito ng mga Meranaw sa kasalukuyang panahon sa pagdating ng Islam. Ito ay sa rason na hindi maitatanggi na ang kultura ay nagbabago kapag nagkaroon ng interaksiyon sa iba o sa dominanteng kultura sa isang komunidad, gayundin titingnan rito kung ang pagbabago ba ay dulot ng paghahalo ng tradisyonal na kultura ng mga Meranaw at sa relihiyong Islam (Hadaway, 2021).

## 3. Resulta at Diskusyon

Sa bahaging ito ng pag-aaral, inilahad at inanalisa ng mananaliksik ang mga nakalap na datos mula sa unang bolyum ng Darangen na natutungkol sa mga kaugalian, paniniwala, at tradisyon ng mga Meranaw hinggil sa konsepto sa patay o sa kamatayan.

Nakapokus sa unang bolyum ng etnoepikong Darangen ang pag-aaral na ito. Dahil na rin sa ilang beses ang pagkabanggit ng kamatayan at libing sa kabanata na ito, masasalamin sa kanilang isinasagawang pagtitipon para sa patay ang ilan sa mga kaugalian, paniniwala, at tradisyon ng mga Meranaw sa patay. Sa lahat ng kultura at paniniwala sa mundo tungkol sa kamatayan, hindi maipagkakaila na mayroong pagkakahalintulad ang pananaw rito, ito ay ang pamamaalam sa mundo at katapusan ng buhay. Sa kultura ng mga Meranaw, marami ang mga sinusunod na mga proseso at kaugalian sa patay gayundin sa mga paniniwala o pamahiin dito. Sa etnoepikong Darangen, masasalamin ang mga sumusunod na mga paniniwala.

CC BY

**Mga paniniwala at tradisyon sa patay**

Ilalahad sa bahagi na ito ang mga paniniwala at tradisyon sa patay o kamatayan sa kultura ng Meranaw. Partikular dito ang ilan sa mga pamahiin, proseso, at mga kaugalian na isinasagawa kapag may namatay.

***Kapagamanat (Huling habilin)***

Sa paniniwala ng mga Meranaw, nararamdaman ng isang tao kapag nalalapit na ang kanyang kamatayan. Ang ganitong mga pagkakataon bago ang kamatayan ay tinatawag na *end-of-life experiences* sa larangang medikal. Dumaan ang ganitong kaisipan tungkol sa nalalapit na kamatayan sa panaginip gayundin dumadaan ito kapag sila ay gising. Dagdag pa, nararanasan at nalalaman din ito sa pagkakaroon ng *hallucinations* o *nightmares* (Nyblom et al., 2021). Nasasalamin ang paniniwala ng mga Meranaw tungkol sa karanasan at kaalaman ng isang tao kapag nalalapit na ang kanyang kamatayan. Nagiging daan din ang kaalamang ito upang ipabatid ang huling mensahe o huling habilin (amanat). Sa paniniwala ng mga Meranaw, pinapahalagahan ang *amanat* ng isang tao dahil pinaniniwalaan na kapag hindi sinusunod ng mga naiwang pamilya, ito ay maaaring magdulot ng hindi maganda sa kanilang pamumuhay dahil nagsisilbi rin itong sumpa kapag hindi sinunod.

1025
*Na aya pesanaan ko*
*Sa romba'a ladan iyo.*
*Na ay ka ribon ako*
*Ko da'ta ngatawi a ig*
*Na o di niyo ngganati*
*A Iliyan a Bembaran na aya den so*
*ladan ko a romba'a ladan iyo*

*1025*
Ang huling habilin ko sa inyo,
Kung ako ay pumanaw
Maaari niyo akong iwan
Sa Iliyan Bembaran
At sumama sa inyong mga pamilya

Ang huling habilin ay nagsisilbing pangaral at gabay sa mga maiiwan niya. Mga pangaral na nagtataglay ng malalim na pagpapakahulugan sa buhay at pagbabahagi ng kanyang pagmamahal. Maituturing ang mga pangaral na ito na tagapagligtas at hukom dahil sa mga posibleng mangyari sa hinaharap at nagiging batayan ng kanilang magiging desisyon kung sakaling maranasan nila ang isang di maipaliwanag na pangyayari.

Ang *kapagamanat* ay nakapaloob sa unang yugtong usaping kamatayan o *the agony of death*, ang yugto kung saan maaaring tanggap o hindi matanggap ng maiiwan ang nalalapit na kamatayan ng isang tao (Abdul karim, 2021). Subalit, sa paniniwala ng mga Meranaw, kapag alam ng isang tao na siya ay mamamatay at makapagbibigay siya ng kanyang *amanat* o huling habilin, siya ay mamamatay ng mapayapa. Sa paniniwala ng mga Meranaw, kapag mapayapa ang pagkamatay ay mapupunta siya sa langit na inaasam ng lahat. Dahil dito, mababawasan din ang hinanakit ng pamilyang naiwan. Nakatutulong ang pananaw na ito sa pagtanggap ngunit maaaring magkakaiba ang pagtukoy o pagbibigay depinasyon ng *good death* ng iba't- ibang larangan at ibang kultura sa bagay na ito (Gurdogan et al., 2022).

Sa kasalukuyan ay napapansin pa rin ang ganitong paniniwala at kaugalian sa komunidad ng mga Meranaw. Maliban sa pag-alala, madalas na huling habilin ay patungkol sa maiiwang yaman para sa kanyang pamilya. Pinaniniwalaan at itinuturing pa ring mahalaga ang ganitong pangyayari sa kulturang Meranaw.

CC BY

***Kagorawka ko mayt (Pag-iyak sa patay)***

Bahagi ng buhay ang pag-iyak, komon din ito na kaganapan sa lahat ng tao (Kirin et al., 2017). Ang pag-iyak ay isang ekspresyon upang ipalabas ang nararamdaman tulad ng kalungkutan, kasiyahan, at kawalan. Madalas ay hindi ito napipigilan dahil sa sakit na nararamdaman ng tao at sa katotohanang hindi na makikita ang mahal sa buhay na yumao. Gayundin, nagsisilbing gamot ang paglabas ng luha upang mabawasan ang hinanakit at pagluluksa na nararamdaman ng puso (Myhyidin, 2008). Sa konteksto ng kamatayan sa sinaunang mga Meranaw, hindi ipinagbabawal ang pagluluksa ngunit sa kasalukuyan ay ipinagbabawal ang labis na pag-iyak sa patay.

| | |
|---|---|
| 1275 | 1275 |
| Na kagya mada' oto | Matapos maibigay ang huling habilin |
| Na aya den minisambi' | Na ito, nagbago ang himpapawid ng |
| A di' ka den pepaekaneg | paligid. Wala nang malinaw na marinig |
| Sa lendag lendag a olan | kundi ang iyak at panaghoy ng kababaihan |

Sa Darangen, ang pag-iyak ng malakas ng mga tao partikular ng mga kababaihan ay isa ring matandang tradisyon na tinatawag na *kandidiyagaw*. Ito ay ang pag-iyak sa patay bago at pagkatapos ng libing. Pagpapakita ng pagdadalamhati ng namatayan. Ang pag-iyak ay nangyayari habang nakapalibot sa namatay at binabanggit o pinag-uusapan ang mga magagandang nagawa nito. Naniniwala sila na sa pag-iyak ng malakas maipapakita ang labis na kalungkutan at kawalan.

Subalit, sa kasalukuyan, ipinagbabawal ang *kandidiyagaw* sa Islam. Ang pag-iyak sa patay ay maaaring maging dahilan upang hindi makaalis nang maayos ang kaluluwa ng patay at magdulot sa patay ng pagkakaroon ng mga parusa sa kabilang buhay. Hangga't maaari ay hindi pinapapasok sa silid ang hindi makapagpigil ng kaniyang pag-iyak upang hindi rin mapatakan ng luha ang patay. Ito ay sa kadahilanang malinis na isinilang sa mundo ang isang tao at malinis ding ililibing (Ampuan & Cairoden, 2025).

***Kapamakitokaw* (Pagpapaalam)**

Mataas o mababa man na uri ng tao ang namatay, mahalagang pag-usapan ang mga gawain na gagawin at pagkatapos nito. Sa paniniwala ng mga Meranaw, kinakailangan na napaghahandaan ang libing upang malaman din ng ibang pamilya na nasa malayong lugar.

| | |
|---|---|
| 1325 | 1325 |
| Na pakaonoten on pen | At kasabay nito, simulan na natin |
| A tanan den iperogong | ang pagpapaputok ng maraming kanyon |
| So tiyaglay a lotang | na inihanda para sa okasyong ito, |
| A posaka' a mitonong | na minana pa mula sa mga tonong, |
| Ka an den mindadali'ay | upang malaman ng buong rehiyon |
| A mitaeman so pangandag | na ang ating dakilang pinuno ay |
| Ka miyanasong sa baya' | pumanaw na |
| So di rimbangen sa mareg | |

Isa rin sa katangian ng Meranaw ang labis na pagpapahalaga sa pamilya at pagpapanatili ng magandang koneksyon at relasyon. Kung kaya't ang pagpaplano at ang pagpapabatid sa nangyari ay kasali sa unang yugto ng pagkamatay o kamatayan. Kasali rin sa unang yugto ng kamatayan ang pagtawag sa mga anak at mga miyembro ng pamilya para sa huling pagbisita sa yumao.

Nagsisilbi itong huling pamamaalam sa yumao, huling pagkikita, at huling pagkakataon na maaari pang tawagin ang kanyang pangalan (Abdul Karim, 2021).

Hindi lamang simpleng pagpapabatid ang *kapakitokaw*. Pagpapakita ito ng respeto sa ibang mga kasapi ng pamilya at komunidad. Mula rito, maituturing na ang kamatayan ay hindi isang indibidwal na kaganapan kundi isang kolektibong paggunita. Implikasyon ito na ang mga Meranaw ay mayroong malalim na ugnayan hindi lamang sa kanilang pamilya kundi pati na rin sa kanilang komunidad. Maliban dito, kinakailangan ding ipaalam ito sa malalapit na pamilya dahil marami ang ritwal sa paglibing. Bago ang libing ay kinakailangan ang mga malalapit na pamilya niya para sa *rigo* o pagligo sa patay (Ampuan & Cairoden 2025).

***Maputi a dinis (Puting tela)***

Mayroong sinisimbolo ang *maputi a dinis* o puting tela sa mga Meranaw sa konteksto ng kamatayan. Ginagamit ito na pananda upang ipaalam ang pagpanaw ng isang tao. Inilalagay ito sa labas ng *torogan* o bahay ng namatay pati na rin sa daan papunta sa kanilang bahay. Paminsan, kung ang namatay ay kilalang pinuno, *datu* o *sulutan*, nilalagyan ang buong komunidad ng puting tela at gumagawa rin ng bandila upang ipabatid ang pagluluksa para sa pinunong sumakabilang buhay.

| | |
|---|---|
| 1390 | 1390 |
| Na pakperimbangan pen<br>So panabowan sa sabang<br>Na go so langon o sapad<br>Ko taman o pikaempongan<br>a mataan a Bembaran | Maging ang mga sanga, sa Bembaran,<br>magkaroon din tayo ng dalawang maliliit<br>na puting watawat na ating itatayo sa mga<br>pampang ng ilog; ang bawat puno ay<br>magkakaroon ng puting watawat sa bawat<br>bahagi ng ating nasasakupan |

Sa Darangen, ang paglalagay ng puting bandila sa mga puno ay isa ring simbolo ng pagpapabatid na mayroong namatay sa isang komunidad. Madalas na nagigig tanda na may sumakabilang-buhay sa isang tahanan o komunidad ay ang puting tela o puting bandila na nakalagay sa labas ng bahay. Gayunpaman, sa kasalukuyan, ang pagpapabatid na may patay ay hindi lang puting tela ang ginagamit dahil ang ilan ay naglalagay ng *streamer* o di kaya ay tarpaulin kung saan nakasulat ang pangalan ng yumao at ang pamilya nito.

Gayunpaman, ang puting tela ay hindi lamang simbolo ng kamatayan. Ang bilang nito at ang paglalagay nito sa iba't ibang bahagi ng komunidad ay mayroon ding kahulugan at kabuluhan sa kanilang tradisyon. Ipinagpapalagay na kapag ang isang tao na namatay ay kilalang tao, kinakailangang marami ang ilagay na puting tela sa paligid. Subalit, maliban sa paglalagay ng puting tela bilang bandila, ginagamit din ang *maputi a dinis* sa paggawa ng *Osonan* o *Oson*. Isa sa tradisyon ng mga Meranaw ang gumawa ng *Osonan*. Ito ay isang kakaibang tradisyon sa seremonya sa libing dahil ginagawa ito bilang simbolo ng papuri kapag ang namatay ay isang datu o bae. Ang *Osonan* ay parang bahay na maliit na gawa sa kahoy o di kaya ay kawayan, puting tela din ang ginagamit bilang dingding nito. Ibig sabihin, hindi iisa ang gamit nito sa kamatayan ang kulay puti (Abdulhakim, Diamaoden, & Camama, 2021). Subalit sa kasalukuyan, ang ganitong tradisyon ay bibihira lamang gawin sa mga komunidad ng mga Meranaw, dahil na rin sa paglaganap ng Islam na nagbabawal ng ganitong tradisyon.

Simbolo rin ang puting tela ng pagiging malinis. Kahit sa ibang mga akdang pampanitikan, ginagamit ang puting kulay na ito bilang metapora ng kalinisan at puri. Sa konsepto ng kamatayan sa mga Meranaw, ginagamit ang puting tela, bilang huling damit ng namatay, ito ay tinatawag na *onong*. Kapag natapos na ang *rigo* o ang pagligo sa patay, ginagamit ang *onong* bilang

CC BY

pambalot sa patay kapag ililibing na (Watamama & Camama 2025). Mula rito, makikita na nangangahulugan itong kapurihan, ibabalik ang katawan sa lumikha na malinis at may puri. Katulad ng pagsalubong at pagbalot sa tela sa isinilang na sanggol, ibabalik at babalutin din ang namayapa sa paghatid sa kanyang huling hantungan (Nordström, 2016).

Mula rito, makikita na malaki ang papel ng paglalagay ng puting tela sa kultura ng mga Meranaw. Mahalaga at may dalang simbolo ang tela gayundin ang kulay sa seremonya ng libing (Weiss-Krejci, 2025). Ito ay maaaring nangangahulugang pag-alala sa patay, papuri sa patay, pagluluksa para sa patay, at maaari din representasyon ng katayuan sa buhay.

***Kapamagawida (Pagtutulungan)***

Karaniwang kaugalian ang pagtulong sa ibang tao lalo na ang pagtulong sa pamilya kapag mayroong kinakaharap na malaking suliranin tulad halimbawa ng kamatayan. *Kapamagawida* ang terminong ginagamit sa Meranaw kapag nagtutulungan ang isang pamilya at ang komunidad upang harapin ang isang malaking suliranin. Hindi nawawala ang konsepto ng *kapamagawida* sa konteksto ng kamatayan. Ang pagdating ng mga pamilya ay pagpapakita ng kanilang malaking pagtingin at pakikidalamhati sa namatay.

Pitong araw na lamay at pitong araw din na paghahanda upang patuluyin ang mga taong nakikidalamhati para sa mga namatayan gayundin ang kanilang pag-alala sa buhay ng yumao. Ang pag-alala sa patay ay isa ring sentro ng katuruan at obligasyon (Geertz, 1960; Koentjaraningrat, 1989). Malaki ang tulong ng pag-alala at pagbanggit sa mga magagandang nagawa ng namatay para sa yumao dahil nakadadagdag ito sa rason upang siya ay makapunta sa langit (Mohsin, 2024).

1400
Na taman sa di' makagid
So langon o garing tano
Nad I'tano karanda'an
Ko darenang a saenawan
Ka panagali'ingat aken
Sa o ba tano selegi
O maga panaman sa tig
A totoo a liyamin

1400
dahil marami pa ang hindi dumarating, lalo
na ang ating mga kamag-anak,
hindi muna tayo maglilibing,
hindi pa natin siya maihihimlay sa kanyang
libingan;
dapat tayong mag-ingat na huwag makasakit
ng damdamin ng ilan na maaaring
magtampo sa ganitong pagmamadali, lalo
na ang ating mga kamag-anak.

Mula rito, makikita na ang *kapamagawida* sa paraang pagbibigay ng respeto sa mga kaanak. Pag-iwas din ito sa pagkakaroon ng sama ng loob ng ilang pamilya sa hindi pagpapabatid sa kanila dahil ito ay magreresulta ng *maratabat* o pag-apak sa kanilang dignidad.

Kasali sa panlipunang buhay ng mga Meranaw ang tradisyong *kapamagawida,* kinikilala at nabanggit din ito sa batas ng mga Meranaw – *Igma ago taritib*. Tulad ng ibang kultura, dito nila ibinabatay ang mga kaukulang parusa o ilan sa mga kinakailangang sundin na *customary laws* para sa mapayapang pamumuhay. Ang *Igma ago Taritib* ay isang buhay na kultura ng mga Meranaw, magkakaugnay na sistema ng alaala, kaugalian, kasunduan, at dunong na sinusunod ng mga Meranaw. Itinuturing na *reciprocal relationship* o pagbabalik tanaw sa kagandahang-loob, hindi lamang kapag usaping kamatayan nagaganap ang *kapamagawida* kundi pati na rin sa usaping kasal, panganganak, pag-ayos ng sigalot, pagtulong sa problema ng kaibigan – pisikal man o saykolohikal (Disomangcop, 1991).

Nagpapahayag ng malalim na kahulugan ang *kapamagawida* sa kultura ng mga Meranaw, nagpapakita ito ng pagpapahalaga ng mga Meranaw sa kanilang magandang relasyon sa kanilang

CC BY

pamilya, mga kaanak gayundin ang kanilang mga kaibigan. Sa kasalukuyan, isinasagawa pa rin ang ganitong tradisyon at masasabing ito ang nagpapaigting sa magandang ugnayan ng mga Meranaw.

***Kapamitogawii/Kanggawii (Lamay)***

Ang *kapamitogawii* o *Kanggawii* ay ang pagtitipon-tipon at ang pagdating ng mga kamag-anak at kaibigan sa namatayan upang ipakita ang pakikidalamhati at pakikiisa sa kanila. Sa Filipino ito ay tinatawag na lamay. Ang *kapamitogawii* ay literal na nangangahulugang pitong araw, sa konteksto ng kamatayan at kulturang Meranaw, ito ay tungkol sa pagluluksa sa loob ng pitong araw. Hindi lamang ito isa pang ritwal na ginagawa ng Meranaw kapag may namatay. Ito ay higit pa sa isang ritwal ngunit isang panlipunang obligasyon na dapat gawin para sa mga yumao at sa kanilang mga kamag-anak at gayundin, isa rin itong kautusang karapatan (sosyal) ng yumao. Ayon sa pagsasaliksik ni Madale, ang kultura ng Meranaw ay hindi madaling mabago.

| | |
|---|---|
| 1430 | 1430 |
| Na so ikapito ndaw | Pagkaraan ng kamatayan ng pinunong ito, |
| Na tanan den miyakagid | dumating ang pitong panginoon, |
| So langon o renang irana sa lalanen a ba'i | kasama ang lahat ng mga kamag-anak |
| | ng kanyang asawa. |

Sa pagpapahayag sa *kapamitogawii* sa Darangen, ang iba ay nagsisipagdatingan pagkatapos ng pitong araw matapos ang pagkamatay. Ito ay isa ring tanda kapag kilalang datu at nirerespeto ang namatay. Lumalagpas sa pitong araw na lamay ang inihahandog para rito dahil sa dami ng tao na dumarating at nakikidalamhati. Gayundin, mula pa rito, makikita ang konsepto ng *kapamagawida*. Hindi lamang ang malapit na kaanak ng pamilya ang darating sa *kapamitogawii*, kundi inaasahan din na darating ang pamilya ng asawa ng namatay.

Sa pananaw ng namatayan, ang *kapamitogawii* ay ang paghahanda sa loob ng pitong araw upang patuluyin ang mga bisita mula sa iba't ibang karatig lugar. Malaking paghahanda ang nangyayari sa *kapamitogawii*, nariyan ang paghahanda para sa kakainin ng mga bisita, pagkatay ng baka, pagluluto ng mga tradisyonal na mga pagkain katulad ng *berowa, dodol, amik, tiyatag at iba* pa. Dahil sa paraan na ring ito, ipinapakita ng pamilyang namatayan ang tuwa at taos pusong pasasalamat sa kanilang pakikidalamhati. Magkaiba man ang pamamaraan ang tanging pagpapakahulugan lamang ng mga proseso na iyon tulad ng *kanggawii o kapamitogawii* ay ang pagbabahagi ng magkatulad na sentimento sa pagbibigay-pugay, pagmamahal, at pag-alala sa pumanaw (Coronado et al., 2023).

Ang *kapamagawida* ay hindi lamang nakikita tuwing may namamatay, ito rin ay nakikita sa anumang panahon ng pangangailangan ng mga Meranaw, katulad halimbawa ng pagtapos ng isang *rido* o hidwaan, pagtulong sa paglikom ng *mahr* (bigay-kaya) kapag may ikakasal at iba pa. Maituturing na ang ganitong kaugalian ng mga Meranaw ang nagpapatag sa kanilang pagkakakilanlan at pagsasamahan.

***Katomapenay sa tamok/ Katabang* (Pagbibigay ng limos)**

Sa konsepto ng kapamagawida o pagtutulungan hindi lamang presensya ang ipinapakita ng bawat isa kundi nagkakaroon din ng pagbibigay ng kaunting tulong para makaahon ang pamilya. Maaaring magbigay ng anuman tulad ng pagkain, mga kagamitan, o di kaya naman ay pera. Ang katumbas ng konseptong *tabang* sa kanluraning pananaw ay ang *alms* – lahat ng kultura ay mayroong sinusunod na pagsasagawa o pagbibigay ng tulong dahil maaari itong gawin nang hindi

CC BY

nakabatay sa kultura, tribo, o relihiyon (Sari, 2023). Samantala, ang *Katomapenay sa tamok* ay literal namang nangangahulugang pagbibigay ng bahagi sa kayamanan.

| | |
|---|---|
| 1460 | 1460 |
| Na oman I isa dato | Bawat datu |
| Na tomapenay sa tamok. | Ay magbibigay ng limos |

Ayon kay Madale, ang pagbibigay ng tabang sa konsepto ng Meranaw lalo na sa usaping kamatayan o bago pa man simulan ang *kapamitogawii* ay mahalaga sapagkat makapagbibigay ang bawat kasapi ng pamilya upang magkaroon ng pondo ang namatayan sa paghahanda para sa lamay. Gayunpaman, ang *katabang* ay hindi lamang sa pamilya nagmumula kundi ito ay ibinibigay rin ng mga nakikiramay sa namatayan. Sa konsepto ng *kapamagawida*, kaakibat ng presensya sa pagdating ay ang *tabang* na ibibigay upang makatulong sa namatayan.

Ang konsepto ng *kathatabanga* sa Meranaw ay isang sistema na maituturing na bayanihan. Ito ay bahagi din ng kaugalian ng mga Meranaw at obligasyon ng bawat miyembro ng pamilya lalo na't mayroon itong sariling pamilya na magbibigay ng tulong sa pamilyang nangangailangan dahil sa aksidente, problema, sakit, kamatayan, kahirapan, at iba pa (Nolasco, 2004). Walang tiyak na halaga ang ipinapataw. Subalit, sa kaso ng mga pamilya na may kaya o kung sino man ang mas umaangat sa buhay ay kinakailangang magbigay ng mas mataas na halaga dahil kapag hindi, nagkakaroon ng negatibong pananaw ang pamilya na walang maaasahan mula sa mga mayamang hindi nagbibigay (Nolasco, 2004).

## 4. Konklusyon

Tunay na ang mga epiko ay salamin ng buhay ng mga sinaunang tao. Hindi lamang mga bersong tungkol sa pag-iibigan o paglalakbay ang ipinapakita nito kundi sa likod ng tiyak na layuning iyon ay ipinapakita ang katotohanan tungkol sa mga naunang tao (ninuno), mga paniniwala, tradisyon, pananaw, pagtingin sa mundo, at higit sa lahat ang kultura. Sa pagsusuri sa unang bolyum ng Darangen, lumabas na tunay na repleksyon ito ng kulturang umiiral sa mga Meranaw. Natuklasan na ang mga paniniwala at tradisyon tungkol sa konsepto ng kamatayan, proseso sa paglibing, at mga pamahiin na makikita sa Darangen ay mababanaag at sumasalamin sa kultura at paniniwala ng mga Meranaw. Ilan lamang sa mga paniniwala at tradisyon sa konsepto ng kamatayan ay ang *kapagamanat, kapamakitokaw, kapamagawida, maputi a dinis, kagorawk sa mayt, kapamitogawii, katomapenay sa tamok o katabang*. Maituturing na matandang tradisyon ang inilalahad sa Darangen at ang mga nakita na paniniwala at tradisyon sa patay. Nakita rin sa pag-aaral na ang ilan sa mga ito ay isinasagawa pa rin at mayroon namang hindi na dulot ng pagbabago ng panahon. Maaari ring dahil sa impluwensiya ng ibang tradisyon, kultura, partikular ang relihiyong Islam o ng modernong panahon mismo ang naging dahilan. Magkabuhol ang relihiyon at kultura, tulad sa kulturang Meranaw, nagiging sentrong batayan ang relihiyon sa mga paniniwala at tradisyon sa mga kultura, patunay na malaki ang impluwensya nito sa kultura at sa pagbabago nito.

Gayunpaman, makikita na nalinaw sa pag-aaral na ito ang implikasyon ng pagbabago ng ilan sa mga paniniwala at tradisyon sa patay dahil sa pagpasok ng relihiyong Islam. Magiging instrumento ang pag-aaral na ito sa pagsasalaysay at pagtatala ng kulturang Meranaw na unti-unting nawawala sa alaala ng bayan, partikular sa mga kultura na masasalamin sa Darangen. Marami pang ibang mga matatandang tradisyon sa walong bolyum na hindi pa natutuklasan o nasusuri upang pag-usapan kung kaya't humihikayat ang pag-aaral na muling tingnan ang etno-epiko bilang batis ng kultura ng sinaunang Meranaw. Mula sa pagtatala sa mga ito, makikita ang inobasyon at pagbabago sa kultura at mga paniniwala na nakagawian noong una.

CC BY

## 5. Reperensya


Abdulhakim, H. R., Diamaoden, A. A., & Camama, M. M. (2021). Osonan: The royal funeral among the Meranaos in Lanao. *United International Journal for Research and Technology, 3*(1), 35–38.

Adekoya, J. S. (2021). A comparative analysis of burial rites in Christianity and Islam. *Igwebuike: African Journal of Arts and Humanities, 7*(2), 99–105.

Ampuan, J., & Cairoden, R. (2025). Kapamola sa miyatay: Mga paniniwala, pamahiin, at proseso ng mga sinanung Meranaw sa paglibing. *Banwaan: The Philippine Journal of Folklore*, Special Issue on Death & Dying. https://tinyurl.com/ampuancairoden

Anita, N., Sari, R. K., & Barus, A. B. (2024). The importance of alms for Muslims. *International Journal of Community Care of Humanity, 2*(1), 85–89. https://journal.lsmsharing.com/ijcch/article/view/40

Bonilla Coronado, J., Licona Vidal, M. P., Agustina Ravilli, G., Daiana Rosario, M., Lorena Santos, A. M., & Soria Guzman, M. P. (2023). Conception of death in different cultures and funeral rites in Bolivia, China, Indonesia, Madagascar, and the USA. *Community and Interculturality in Dialogue, 3*, Article 64. https://cid.southam.pub/index.php/cid/article/view/50

Cairoden, R. (2019). *Mga kaugaliang Meranaw na masasalamin sa Darangen* (Vol. 1) [Unpublished undergraduate thesis]. Mindanao State University–Main Campus.

Coronado, J. B., Vidal, M. P. L., Ravilli, G. A., Rosario, M. D., Santos, A. M. L., & Guzman, M. P. S. (2023). Conception of death in different cultures and funeral rites in Bolivia, China, Indonesia, Madagascar, and the USA. *Community and Interculturality in Dialogue, 3*, Article 64.

Gurdogan, E., Aksoy, B., & Kinici, E. (2022). The concept of a good death from the perspectives of family caregivers of advanced cancer patients. *OMEGA–Journal of Death and Dying, 85*(2), 303–316. https://doi.org/10.1177/0030222820945082

Hadaway, R. (2021). *The Muslim majority: Folk Islam and the seventy percent.* B&H Publishing Group.

Kastbom, L., Milberg, A., & Karlsson, M. (2017). A good death from the perspective of palliative cancer patients. *Supportive Care in Cancer, 25*(3), 933–939. https://doi.org/10.1007/s00520-016-3483-9

Kirin, A., Ahmad, S., Borham, A. S., Ismail, F. H., Saputra, E., & Baba, R. (2024). Crying from a religious perspective and its impact on the physical health of the public servant communities. *Pakistan Journal of Life and Social Sciences, 22*(2).

Krikorian, A., Maldonado, C., & Pastrana, T. (2020). Patients' perspectives on the notion of a good death: A systematic review of the literature. *Journal of Pain and Symptom Management, 59*(1), 152–164. https://doi.org/10.1016/j.jpainsymman.2019.08.033

Magdalena, F. V. (2020). *Muslims in the Philippines* (Occasional Paper Series No. 7). Center for Philippine Studies, University of Hawaiʻi at Mānoa. https://kfcris.com/en/view/post/168

Nolasco, L. I. (2004). The traditional Maranaw governance system: Descriptives, issues and imperatives for Philippine public administration. *Philippine Journal of Public Administration.*

Nordström, B. (2016). *Dressing the dead body.* https://www.doria.fi/handle/10024/136542

Nyblom, S., Arnby, M., Molander, U., & Benkel, I. (2021). End-of-life experiences (ELEs) of spiritual nature are reported directly by patients receiving palliative care in a highly secular country: A qualitative study. *American Journal of Hospice and Palliative Medicine®, 38*(9), 1088–1094.

Pandapatan, A. M., & Ampuan, J. S. (2023). Sanggar, pelimbonen, kaphaygo sa ragat: Traversing the pre-Islamic beliefs and traditions of the Meranaws in the Philippines. *Simulacra, 6*(1), 125–136.

Sari, N. (2023). *The concept of alms in Tafseer Al-Azhār* (Doctoral dissertation). State Islamic University.

Talaguit, C. J. N., & Ubaldo, L. (2019). *Kinship and genealogical construction in the Maranao Darangen epic of Mindanao* (Doctoral dissertation, De La Salle University–Manila).

Watamama, J., & Camama, M. (2025). Dyanasuh at onong: Sagradong ritwal sa paghahanda ng bangkay sa paglilibing ng mga katutubong Meranaw. *Banwaan: The Philippine Journal of Folklore*, Special Issue on Death & Dying. https://tinyurl.com/watamamacamama


CC BY